Karta ng mga Serbisyo 2026

Espesyalistang Pangangalaga sa Tahanan (ADI-VG)

Nakalaang Espesyalistang Pangangalaga sa Tahanan - Polo Villa Glori. Kalakip ng Plano ng mga Gawain 2026-2029 ng mga serbisyong pangkalusugan ng Polo Villa Glori (PA 2026-2029-VG).

Pagsasaling inihanda bilang tulong sa pag-unawa mula sa orihinal na Italyano. Kung may alinlangan, ang tekstong Italyano ang masusunod.

1. Panimula

Ipinababatid ng dokumentong ito sa mga mamamayan, pasyente at pamilya ang mga serbisyo, paraan ng pagpasok sa serbisyo, pamantayan ng kalidad at mga anyo ng proteksyon ng Nakalaang Espesyalistang Pangangalaga sa Tahanan para sa mga taong may HIV/AIDS - Polo Villa Glori (ADI-VG). Ito ay serbisyong pangkalusugan sa tahanan ng Polo Villa Glori ng Cooperativa Roma Solidarietà (CRS), isang Social Cooperative ETS na itinataguyod ng Caritas Diocesana ng Roma. Sakop ng edisyong ito ang taong 2026 at kalakip ito ng Plano ng mga Gawain.

Ang misyon ng ADI-VG ay ang kabuuang pangangalaga sa taong may HIV: klinikal na pangangalaga at suporta sa mga aspektong psychosocial, pinansyal at ugnayan, alinsunod sa mga prinsipyo ng Caritas Diocesana at may paggalang sa pananampalataya at pagkakaiba ng bawat isa. Dinadala ng serbisyo ang espesyalistang pangangalaga sa mga lugar na tinitirhan ng mga tao, ayon sa prinsipyo ng pagiging malapit.

Katuwang namin ang mga sentrong tagapag-ugnay sa mga nakahahawang sakit (INMI Spallanzani, Policlinico Umberto I, Policlinico Gemelli, Policlinico Tor Vergata) para sa tuloy-tuloy at personalisadong paggamot sa tahanan.

Sinusuri ang Karta bawat taon bago mag-Disyembre at makukuha ito sa tanggapan, sa mga administratibong opisina ng CRS at sa website na

www.caritasroma.it.

> **Sa madaling salita**
>
> Pangangalaga ng nars at ng espesyalista sa nakahahawang sakit sa tahanan, katuwang ang CCTAD ng INMI Spallanzani.
>
> Magsisimula ang pangangalaga nang hindi lalampas sa 5 araw mula sa pagpapahintulot.
>
> Libre ang mga serbisyo para sa pasyente, sa ilalim ng kasunduan sa Regional Health Service (SSR).
>
> Impormasyon at mga contact: 06 8881501 - villaglori@caritasroma.it

2. Mga pangunahing prinsipyo

- **Pagkakapantay-pantay at walang kinikilingan:** pagpasok sa mga serbisyo nang walang anumang diskriminasyon.
- **Pagpapatuloy:** regular na pangangalaga, kahit sa panahon ng kahirapan o emerhensiya.
- **Nakasentro sa tao:** ang pangangailangan ng pasyente ang gabay sa bawat desisyon, sa pamamagitan ng Individualised/Integrated Care Plan (PAI).
- **Bisa at kahusayan:** pinakamainam na paggamit ng mga mapagkukunan, alinsunod sa siyentipikong ebidensya.
- **Pakikilahok:** aktibong pagsali ng pasyente at ng pamilya.
- **Pagiging kumpidensyal:** proteksyon ng privacy at ng datos pangkalusugan (GDPR at Legislative Decree 196/2003).

3. Ang aming mga serbisyo

Larangan	Mga serbisyo
Espesyalistang pag-aalaga ng nars	Pana-panahong klinikal na pagsubaybay sa mga vital sign; pamamahala at pagbibigay ng mga gamot; suporta sa pagsunod sa antiretroviral therapy (ARV); pagkuha ng dugo sa tahanan na nakaiskedyul ayon sa mga konsultasyon sa

Larangan	Mga serbisyo
	espesyalista; edukasyong pangkalusugan para sa pasyente at tagapag-alaga
Pagsubaybay sa nakahahawang sakit sa tahanan	Mga pagsusuri para sa nakahahawang sakit, nakaiskedyul o kapag tinawag, katuwang ang sentrong tagapag-ugnay na nananatiling may tungkulin sa ARV therapy; pagtatasa ng pamumuhay at ng panganib ng pagkahawa
Suportang sosyal at pangangalaga	Multidisiplinaryong pagtatasa ng mga pangangailangang panlipunan, pinansyal at ugnayan; tulong ng social worker sa pag-access ng mga mapagkukunan at serbisyo; suporta sa mga suliranin sa tirahan, pinansyal at sa ugnayan ng pamilya
Pamamahala at pagsubaybay sa gamot na ARV	Pagkuha, ligtas na pag-iimbak at paghahatid sa tahanan ng mga gamot, na may ganap na traceability
Pagpapa-appointment at koordinasyon	Tulong sa pagpapa-appointment ng mga konsultasyon at pagsusuri sa mga sentrong tagapag-ugnay; koordinasyon sa CCTAD ng INMI Spallanzani at sa iba pang sentro
Televisit at teleconsultation	Televisit para sa nakahahawang sakit kasama ang Policlinico Tor Vergata; teleconsultation sa CSM ASL Roma 1 - Distrito 2 (simula 15 Setyembre 2026)

4. Ang Proyekto ng Buhay

Kahit sa tahanan, nananatiling bida ng sariling buhay ang bawat tao. Tinutulungan kami ng Proyekto ng Buhay na making sa mga nais at prayoridad ng mga taong aming nakakasalamuha, at sama-samang bumuo ng mga layuning may kahulugan para sa kanila: pagpapanatili ng minamahal na gawi, pagbabalik ng ugnayan, pagbawi ng kalayaan sa sariling tahanan. Ang pag-aalaga sa tahanan ay ang marahang pagpasok sa buhay ng isang tao, kung saan nauuna ang pakikinig at paggalang bago ang anumang teknikal na gawain.

> **Kultura ng pag-iwas at ng pamumuhay**

> May ilang nars sa pangkat na sinanay bilang tagapagturo ng malusog na pamumuhay at ng pag-iwas sa HIV, sa pamamagitan ng panloob na kursong akreditado ng ECM. Dala nila sa tahanan ang makabagong kaalamang klinikal at mga simpleng mungkahi tungkol sa pagkain, pag-eehersisyo, pagtulog at pamamahala ng stress.
>
> Proteksyon: ang U=U ay nangangahulugang hindi nakapaghahawa ng HIV ang taong may undetectable na viral load; hindi pinoprotektahan ng PrEP laban sa iba pang sexually transmitted infections at ang condom pa rin ang tanging kumpletong proteksyon.
>
> Pagtanggap: walang stigma kaugnay ng kasaysayang pangkalusugan o personal na buhay ng sinuman.

5. Paano makapasok sa serbisyo

- **Espesyalistang pagtatasa:** tinatasa ng doktor ng nakahahawang sakit sa sentrong tagapag-ugnay kung kailangan ang pangangalaga sa tahanan.
- **Pagtanggap ng CCTAD:** ang CCTAD ng INMI Spallanzani ang gumagawa ng unang multidisiplinaryong pagtatasa.
- **Pag-activate ng ADI-VG:** ina-activate ng CCTAD ang aming serbisyo. Tiniyak na magsisimula ang pangangalaga nang hindi lalampas sa 5 araw mula sa pagpapahintulot.
- **Unang pagtatasa:** ang pangkat ay gumagawa ng unang pagbisita sa tahanan (ng nars, ng espesyalista sa nakahahawang sakit at panlipunan) at binubuo ang PAI kasama ang pasyente at pamilya.

Ibinibigay ang serbisyo sa ilalim ng kasunduan sa Regional Health Service: libre para sa pasyente ang lahat ng serbisyong nakasaad sa PAI. Para ito sa mga taong may HIV/AIDS, may maraming karamdaman at may kahinaang panlipunan na naninirahan sa Roma at lalawigan nito.

6. Mga pamantayan at salik ng kalidad

Sinusubaybayan ang mga pamantayan gamit ang mga partikular na indicator, alinsunod sa Taunang Plano sa Pamamahala ng Panganib (PARS) at sa Batas

24/2017.

Salik ng kalidad	Garantisadong pamantayan
Bilis ng pagsisimula ng pangangalaga	Hindi lalampas sa 5 araw mula sa pagpapahintulot
Pagpapatuloy ng paggamot	Nakaiskedyul na paghahatid ng gamot na ARV kapag 5-10 tableta na lamang ang natitira, na sapat para sa hindi bababa sa 1 buwan
Pagiging maagap ng pagkuha ng dugo	Pagkuha ng dugo sa tahanan 10-15 araw bago ang nakaiskedyul na konsultasyon sa nakahahawang sakit
Personalisasyon	May PAI ang bawat pasyente, na may pana-panahong rebisyon (buwanan at taunan)
Komunikasyon at koordinasyon	Mga istrukturadong kasangkapan (chat, e-mail, shared app) sa pagitan ng mga manggagawa at ng mga panlabas na sentro
Pagsasanay ng kawani	Tuloy-tuloy na pagsasanay, kasama ang pagsasanay ng mga nars sa mga pamamaraan ng panlipunang panayam, alinsunod sa Plano ng Pagsasanay
Pagiging bukas at dokumentasyon	Itinatala ang bawat gawain sa talaan sa tahanan/shared app na maaaring tingnan ng multidisiplinaryong pangkat

7. Mga pangako at layunin sa kalidad para sa 2026

- buuin bago matapos ang 2026 ang Identity Card ng Serbisyong ADI-VG;
- imapa ang mga pangangailangan sa tahanan at simulan ang mga indicator ng panlipunan at pastoral na epekto (VIS+P);
- simulan ang televisit para sa nakahahawang sakit ng 8 pasyente sa kabuuan (7 sa ilalim ng ADI-VG at 1 residente ng Casa Alloggio "Don Luigi") at ang teleconsultation sa CSM Distrito 2 simula 15 Setyembre 2026;
- simulan ang dalawahang protocol ng pag-refer sa mga Listening Center ng Caritas at ang pakikilahok sa mga neighbourhood unit;

- dalhin sa tahanan ang gawain ng mga nars na tagapagsanay sa pamumuhay at pag-iwas sa HIV;
- magpakilala ng mga monitoring dashboard (resulta ng paggamot, kasiyahan, tindi ng pangangalaga) at i-update ang Privacy Plan para sa konteksto ng tahanan.

Indicator	Sukatan / pinagmulan	Target 2026
Oras bago magsimula ang pangangalaga	Pagpapahintulot - unang pagbisita	≤ 5 araw
Saklaw ng PAI sa tahanan	Talaan sa tahanan	100% ng mga gumagamit
Mga pasyente sa televisit para sa nakahahawang sakit	Rehistro ng televisit	7 pasyente ng ADI-VG (8 kasama ang 1 residente ng Don Luigi)
Mga pasyente sa psychiatric teleconsultation	Rehistro ng televisit	100% (8/8)
Kasiyahan ng mga gumagamit at tagapag-alaga	Taunang talatanungan	≥ 85% ng positibong puna

8. Mga sanggunian sa batas at regulasyon

- DCA U00401/2016 at DCA U00469/2017 (teritoryal na pangangalaga sa HIV/AIDS at institusyonal na akreditasyon, Rehiyon ng Lazio);
- DCA U00283/2017 (pangangalaga sa tahanan);
- Regional Regulation 20/2019 at DGR 1348/2025 (akreditasyon at mga kinakailangan);
- DM 77/2022 (mga modelo at pamantayan para sa teritoryal na pangangalaga);
- Batas 24/2017 "Gelli-Bianco"; Batas 135/1990; Legislative Decree 81/2008;
- Regulasyon (EU) 2016/679 (GDPR) at Legislative Decree 196/2003.

9. Pagkakaiba sa pangkalahatang serbisyo sa tahanan ng CRS

Ang ADI-VG ay espesyalistang serbisyo sa tahanan na ibinibigay ng Polo Villa Glori at nakalaan sa mga pasyenteng may HIV na magkatuwang na inaalagaan kasama ang mga sentrong tagapag-ugnay sa nakahahawang sakit. Hiwalay ito sa "Pangangalagang Pangkalusugan sa Tahanan para sa mga Pasyenteng may HIV" na inilalarawan sa pangkalahatang Karta ng mga Serbisyo ng CRS, na ibinibigay sa Cittadella della Solidarietà "Santa Giacinta" (Via Casilina Vecchia 19, 00182 Roma) at para sa mga gumagamit ng Caritas na nasa kalagayan ng marhinalisasyon. Magkaiba ang daanan, pangkat at lugar ng dalawang serbisyo; ang sinumang lumapit sa isa ay gagabayan sa tamang landas.

10. Proteksyon at pakikilahok

- **Tagapag-ugnay ng proseso:** para sa bawat masalimuot na pamamaraan, may itinatalagang pormal na tagapag-ugnay na sumusubaybay at lumulutas ng mga problema.
- **Informed consent:** lahat ng serbisyo ay ibinibigay nang may paunang informed consent.
- **Mga ulat at reklamo:** ang mga puna, mungkahi o reklamo ay ipinararating sa Koordinator ng ADI at agad na inaasikaso; ibinibigay ang sagot sa loob ng isang buwan.
- **Lagda ng pasyente:** pinatutunayan ang pakikilahok sa pamamagitan ng lagda sa mga form ng pagsubaybay at paghahatid.
- **Kasiyahan:** hindi nagpapakilalang taunang talatanungan; sa Disyembre 2026, sinusuri ng pangkat ang mga resulta at reklamo at binubuo ang mga hakbang sa pagpapabuti, na ipinadadala sa Pamunuan ng CRS bago ang 15 Disyembre.

11. Pag-access sa mga dokumento

Mayroong pamamaraan para sa pag-access sa mga administratibong dokumento (Batas 241/1990) at para sa simple at pangkalahatang civic access (art. 5 ng Legislative Decree 33/2013), na makukuha sa website ng institusyon.

Ibinibigay ang mga dokumentong pangkalusugan nang may paggalang sa pagiging kumpidensyal ng datos.

12. Paano kami mapupuntahan at mga contact

Ang tanggapan ng ADI-VG ay nasa distrito ng Parioli, sa loob ng parke ng Villa Glori, at hindi bukas sa publiko: para sa impormasyon, sapat nang makipag-ugnayan sa sekretarya.

> **Mga contact**
>
> Address: Polo Villa Glori, Via Venezuela 27 - 00196 Roma
>
> Telepono: 06 8881501 - 06 88815613 - 06 88815602 - 06 88815612
>
> E-mail: villaglori@caritasroma.it
>
> Oras ng sekretarya: 9:30 - 14:30
>
> Area ng Kalusugan ng Polo Villa Glori: upang mas makilala ang aming gawain.

Pagsasaling pantulong. Ang orihinal na Italyano ang masusunod.